Pangalan: Teng Sendad
Paksa ng Khutbah: “Ang Tunay na Pagmamahal sa Anak”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 19, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, hindi natin maipagkakaila na may mga magulang na labis-labis ang pagmamahal sa kanilang mga anak, pagmamahal na unti-unting lumalason sa puso't isip ng kanilang mga anak. Katulad ng isang magulang na ang buong lakas, oras at panahon ay inilaan niya sa paghahanap-buhay na halos hindi na siya makapag-Salah nang dahil sa pag hahanap-buhay. Ika nga, ang umaga ay ginawa niyang gabi at ang gabi ay ginawa niyang umaga maibigay lang ang luho ng kanyang mga anak tulad ng mamahaling cellphone, mga usong damit, branded na sapatos, motor, masasarap na pagkain at iba pa.

Dumating ang panahon na ang magulang na ito ay nagkaroon ng malubhang karamdaman. Ang pinabayaan niyang Salah ay hirap na niyang gampanan. Hindi na rin siya makapaghanap-buhay kaya ang luho ng mga anak ay hindi na niya kayang ibigay at ang masakit nito ay hindi na nga niya kayang pasunurin ang kanyang mga anak ay lagi pa siyang binubulyawan.

Masakit tanggapin ang katotohanang marami sa kabataan ngayon ang hindi kayang pasunurin ng magulang at walang galang sa kanilang magulang nang dahil sa maling pagpapalaki sa mga anak.

Si Allah ay nagsabi sa Qur-an:

﴿ يَـٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ قُوٓاْ أَنفُسَكُمۡ وَأَهۡلِيكُمۡ نَارٗا وَقُودُهَا ٱلنَّاسُ وَٱلۡحِجَارَةُ ﴾ التحريم: 6

***“O kayong mga naniwala, iligtas ninyo ang inyong mga sarili at ang inyong pamilya mula sa apoy ng Impiyerno na ang panggatong ay mga tao at bato."*** (At-Tahrim:6)

At sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"أَلاَ كُلُّكُمْ رَاعٍ، وَكُلُّكُمْ مَسْئُولٌ عَنْ رَعِيَّتِهِ." رواه البخاري

*“Tunay na lahat kayo ay may responsibilidad at lahat kayo ay tatanungin sa inyong responsibilidad.”* (Inulat ni Al-Bukhari)

Malinaw na ang ating mga anak ay ipinagkatiwala sa atin na maaari tayong pananagutin ni Allah kung sila ay maligaw sa katuruan ng Islam. Ang mga materyal na bagay at mga luho ay pang-Dunya lamang at hindi ito makakatulong upang makapasok ang mga anak natin sa Paraiso. Halimbawa, ang cellphone na ibinigay natin sa ating mga anak kung hindi natin sila magabayan sa tamang paggamit nito ay maaari silang magkasala at maging daan sa pagkahulog nila sa Impiyerno kasama tayo. Sa anong dahilan? Dahil sa cellphone, na kung saan naririyan ang lahat ng Haram at Fitnah na maaari siyang manood ng malalaswang panoorin, matutong kumanta at sumayaw ng Haram, malaya silang makipag-chat sa hindi nila Mahram at higit sa lahat inuubos nila ang oras nila sa kakalaro ng “ML” at iba pang mobile games, sa halip na gugulin nila ang kanilang oras sa pag-aaral ng Islam at pagbabasa ng Qur-an.

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, bigyan natin ng wastong pagmamahal ang ating mga anak. Kung naglalaan tayo ng pambaon nila sa eskuwela, maglaan din tayo ng pambaon nila sa pagbabalik nila kay Allah sa pamamagitan ng wastong kaalaman sa Islam.

Kung papaano mo binubusog ang katawang lupa ng iyong anak upang siya ay maging malusog, busugin mo rin ang kanyang kaluluwa sa pamamagitan ng Eeman at mga pagsamba kay Allah, sapagkat mahirap na haharap siya kay Allah sa Araw ng Paghuhukom na mataba ang kanyang katawan ngunit pinabayaan ang kanyang kaluluwa.

At habang sila ay lumalaki, hubugin natin ang kanilang puso't isipan sa pamamagitan ng kaalaman sa Islam at takot kay Allah (Subhanahu Wa Ta'Ala).

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ ﷲِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid sa panampalatayang Islam, maging maingat tayo sa pagpapalaki sa ating mga anak, sapagkat maaari silang maging daan upang tayo ay makapasok sa Paraiso o di-kaya ay sa Impiyerno. Kung may ginagawa silang labag sa Batas ni Allah, pigilan natin sila at ituwid sapagkat obligasyon natin sila bilang magulang at hindi obligasyon ng iba.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***